Konsulado Panlahat ng Pilipinas Philippine Consulate General

Osaka-Kobe

PAUNAWA

Ang Konsulado Heneral ng Pilipinas sa Osaka-Kobe ay humihingi ng pag-unawa sa publiko sa kadahilanan ng karagdagang araw ng paghihintay bago maipagkaloob ang kanilang ePassport na lampas sa itinakdang anim (6) na linggong pagpoproseso nito.

Ang Kagawaran ng Ugnayang Panlabas (Department of Foreign Affairs) ay naglabas ng opisyal na pahayag hinggil sa pagkaantala ng pagpoproseso at pagre-release ng ePassport dahil sa ilang technical adjustments na sanhi ng maintenance work at upgrade sa ePassport Personalization Center kung saan ginagawa ang ePassport. Ang pagkaantalang ito ay lalo pang napahaba kasabay ng pagtaas ng bilang ng mga aplikante ng passport sa panahon ng summer vacation.

Para sa mga aplikanteng kailangang maglakbay nang biglaan dahil sa mga hindi inaasahang dahilan, mayroong mga options na maaaring pagpilian:

1. Pagpapalawig ng Validity ng Lumang Passport. Maaaring mag-apply ang mga aplikante para sa pagpapalawig ng validity ng lumang passport kasabay ng renewal ng kanilang passport. Ang serbisyong ito ay minsan lamang maipagkakaloob at maaaring iproseso sa loob ng isang araw. Sa pamamagitan nito, mapapalawig ang validity ng lumang passport at maaaring gamitin ng aplikante pansamantala upang makapagbiyahe habang hinihintay na mai-release ang kanyang bagong passport. Kailangan lamang na ibalik ang extended na lumang passport sa sandaling dumating na ang bagong ePassport. Maaari ring ipadala ang bagong ePassport sa address ng aplikante pagkatapos matanggap ng Konsulado ang lumang passport para i-kansela.

   Sa pag-a-apply ng pagpapalawig ng validity ng lumang passport, kinakailangan lamang na magsumite ang aplikante ng application form kasama ng isang (1) 2x2 picture at processing fee na JPY 1,950.

2. Travel Document. Maaaring mag-apply ng travel document ang aplikanteng may hawak na cancelled o damaged passport o hindi kaya ay nawala ang passport ngunit nangangailangang maglakbay ng biglaan pabalik ng Pilipinas dahil sa mga hindi inaasahang dahilan. Ang travel document ay minsan lamang magagamit pabalik ng Pilipinas.

   Magsumite sa Konsulado ng Travel Document Application Form, dalawang (2) 4.5x3.5 cm photo at travel itinerary. Ang kaukulang bayad para sa serbisiyong ito ay JPY 5,335.

   Para sa mga aplikanteng hindi kinakailangang magbiyahe nang biglaan, maaaring manatili sa kanila ang uncancelled passport habang naghihintay na mai-release ang kanilang bagong ePassport upang mabigyan sila ng ibang option. Ipinapaalala lamang sa publiko na alinsunod sa Republic Act 8239 o Philippine Passport Law, kailangang isuko ang lumang passport upang ito ay maikansela ng Consular Officer kapalit ng bagong ePassport.

Pinapayuhan ng DFA ang publiko na mag-apply o mag-renew ng passport nang hindi bababa sa labindalawang (12) linggo bago ang nilalayong araw ng kanilang paglalakbay.

Muli ay humihingi ang DFA ng pag-unawa mula sa publiko at nais nitong iparating na ang DFA ay tapat sa tungkulin nitong ayusin ang kasalukuyang suliranin.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa Konsulado Heneral ng Pilipinas sa Osaka-Kobe sa telepono bilang 06 6910 7881 hanggang 83, magpadala ng email sa consulate@osakapcg.com o i-access ang website sa www.dfa.gov.ph.

Maraming salamat po.